# PUWEDENG MAGKA-MONKEYPOX ANG SINUMAN

Ang monkeypox ay nakakahawang sakit na dulot ng virus ng monkeypox. Ang sinumang nagkaroon ng malapit at personal na pakikisalamuha sa sinumang may monkeypox ay nasa panganib.

## PAANO KUMAKALAT ANG MONKEYPOX:

Kilalang kumakalat ang monkeypox sa pamamagitan ng malapit, matalik, at/o matagalang pakikisalamuha, kasama ang:

- Direktang pagdikit ng balat sa balat na may pantal, langib, o likido ng katawan mula sa taong may monkeypox
- Kontak sa mga kagamitan at telang ginamit ng taong may monkeypox
- Kontak sa mga likido mula sa mga inilalabas ng palahingahan ng taong may monkeypox

Puwede itong mangyari mula sa:

- Pagtatalik at iba pang matalik na ugnayan, kasama ang halikan, pagmasahe, yakapan
- Paggamit ng mga tela at kagamitan (tulad ng mga damit, kobrekama, tuwalya, laruang sekswal [sex toy]) na hindi pa nalinis
- Matagalan, malapit, harapang pakikisalamuha tulad ng pag-uusap nang magkalapit nang harapan ng matagal (humigit-kumulang 3 oras o higit pa)
- Pagtira sa bahay, pagsasalo ng iisang kama, o pag-aalaga sa taong may monkeypox

Ang taong may monkeypox ay maaaring maikalat ito sa ibang tao mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang gumaling ang pantal, nahulog ang mga langib, at may bagong patong (layer) ng balat. Kadalasang nagtatagal ito ng 2 hanggang 4 na linggo.

Ang buntis na tao na may monkeypox ay maaaring maikalat ang virus sa kanyang hindi pa naipapanganak na sanggol (fetus) sa pamamagitan ng placenta.

**HINDI kumakalat ang monkeypox** sa pamamagitan ng kaswal na pag-uusap o paglalakad kasama ng taong may monkeypox.

## PAANO MAIIWASANG MAKAKUHA NG MONKEYPOX:

### 1 IWASAN ANG PAGKAKAROON NG BALAT SA BALAT O MATAGALANG MALAPIT NA UGNAYAN SA SINUMANG MAY MGA SINTOMAS NG MONKEYPOX

- Huwag direktang hawakan ang pantal o mga langib sa kanilang katawan.
- Huwag silang halikan, yakapin, o huwag makipagtalik (gamit ang bibig, puwit, o ari) sa kanila.

### 2 IWASANG HAWAKAN ANG MGA HINDI MALINIS NA GAMIT AT MATERYALES NA GINAMIT NG TAONG MAY MGA SINTOMAS NG MONKEYPOX

- Huwag gamitin ang parehong kama, tuwalya, damit, o kumot maliban na lang kung

nahugasan na ang mga ito.

## ❸ MADALAS HUGASAN ANG IYONG KAMAY

- Gumamit ng sabon at tubig o sanitizer para sa kamay na alkohol ang pangunahing sangkap.

## ❹ MAGPABAKUNA KUNG KWALIPIKADO KA NA

- Ang mga taong nasa mataas na panganib sa monkeypox ay maaring mabakunahan para makatulong na pababain ang panganib na maimpeksyon.